


Say at So: ang Dalawang Mukha ng Simuno sa Pangasinan

Melchor Orpilla & Daniel Kaufman

Talaytayan: MLE Leaders

7/20/24




Introduksyon

Ang rehiyong Pangasinan

Ang kinalalagyan ng wikang Pangasinan sa angkang Austronesian

- Ang Pangasinan ay kabilang sa pangkat ng *Northern Luzon*, isang subgroup ng mga wikang *Malayo-Polynesian* na isang sanga naman ng angkang *Austronesian*.
- Ang mga pinakamalapit niyang relasyon sa grupong ito ang mga kapwa *South Cordilleran* na wika: Ibaloy, I-wak, Kalanguya, Karao at Ilongot/Bugkalot.



Ang kalagayan ng wika

- Sa 2010, may tinantiyang 1.8 million na katao ang nagsasalita ng Pangasinan at naging ikawalo sa mga pinakamalaking wika sa Pilipinas.
- Sa 2020, naging ikasampu sa bansa at naging 334,759 ang mga pamilya (household) na Pangasinan ang pangunahing wika sa bahay.
- Sa maraming bayan sa Pangasinan, nagpapaligsahan ang wikang Pangasinan sa Ilokano at Tagalog.



Pangasinan bilang nanganganib na wika:

Ang pagtatasa nina Anderson & Anderson (2012):

“A colleague, who contributes critical documentation on an endangered language having only a few hundred speakers, asked us, “With over a million speakers, how can Pangasinan be endangered?” In this article, we have seen that although not acutely moribund at present, Pangasinan shows increasing evidence of attrition, both in its population of speakers and in the number of communicative settings in which it is used. As such, it is in a precarious position.”



Ang suliranin

- Ang karamihan ng mga wika sa Pilipinas ay may **pantanda** o *case marker* na nagpapahayag ng kaugnayan ng isang argumento sa pangungusap. Kadalasan, ang bawat relasyon (*simuno*, *paari*, *patungo*, etc. o *nominative*, *genitive*, *oblique*, etc.) ay may iisang anyo para sa mga parirala at ibang anyo para sa mga pangalan.

Halimbawa:

PANTANDA NG KASO SA FILIPINO/TAGALOG	<i>parirala</i>	<i>pangalan (isa)</i>	<i>pangalan (marami)</i>
<i>simuno</i> (nominative/absolute)	ang	si	sina
<i>paari</i> (genitive)	ng	ni	nina
<i>patungo</i> (oblique)	sa	kay	kina

Ang suliranin

- Sa Pangasinan, may dalawang pantandang nagpapahayag ng simuno sa parirala:

PANTANDA NG KASO SA PANGASINAN	<i>parirala</i>	<i>pangalan (isa)</i>	<i>pangalan (marami)</i>
<i>simuno</i> (nominative/absolute)	so / say <i>ang</i>	si <i>si</i>	di, sikara di <i>sina</i>
<i>paari</i> (genitive)	na <i>ng</i>	nen <i>ni</i>	di <i>nina</i>
<i>patungo</i> (oblique)	ed <i>sa</i>	kinen <i>kay</i>	kindi <i>kina</i>

Ang suliranin

- Ipinagpalagay ni Blust (2015) na **su* ang orihinal na pantanda sa simuno o *nominative marker*.
- Napalitan ito sa karamihan ng mga wika pero buhay pa rin siya sa ilang wika ng mga grupong Danao, Bikol at Kordilyera, tulad sa Pangasinan.

PANTANDA NG KASO SA PROTO-PHILIPPINE	<i>parirala</i>	<i>pangalan (isa)</i>	<i>pangalan (marami)</i>
<i>simuno</i> (nominative/absolute)	su	si	sa
<i>paari</i> (genitive)	nu	ni	na
<i>patungo</i> (oblique)	ku	ki	(ka)

Ang suliranin

- Pero mahiwaga pa rin ang pinanggalingan ng **say**

PANTANDA NG KASO SA PROTO-PHILIPPINE	<i>parirala</i>	<i>pangalan (isa)</i>	<i>pangalan (marami)</i>
<i>simuno</i> (nominative/absolute)	su	si	sa
<i>paari</i> (genitive)	nu	ni	na
<i>patungo</i> (oblique)	ku	ki	(ka)

Ang suliranin

Sa karamihan ng mga wika, ang parehong pantanda ang ginagamit sa simuno at sa panaguri kapag parehong *definite* sila (Constantino 1965).

Bkl.: /qan dara·ga qan qigwa-ŋ bu·rak./
(the maiden the possess-*PRT* flower)
'It is the maiden who has some flowers.'

Itn.: /sid bala·saŋ sid qawad da sa·buŋ na./
(the maiden the possess *PRT* flower her)

Kap.: /qiŋ dala·ga qiŋ qati-ŋ sampa·ga./
(the maiden the possess-*PRT* flower)

Seb.: /qaŋ da·ga qaŋ na·qa-y bu·wak./
(the maiden the possess-*PRT* flower)

Yln.: /su ra·ga su qadən qa sumpiŋ./
(the maiden the possess *PRT* flower)

Ang suliranin

Sa karamihan ng mga wika, ang parehong pantanda ang ginagamit sa simuno at sa panaguri kapag parehong *definite* sila (Constantino 1965).

Bkl.: /qan dara·ga qan qigwa-ŋ bu·rak./
(the maiden the possess-*PRT* flower)
'It is the maiden who has some flowers.'

Itn.: /sid bala·saŋ sid qawad da sa·buŋ na./
(the maiden the possess *PRT* flower her)

Kap.: /qin dala·ga qin qati-ŋ sampa·ga./
(the maiden the possess-*PRT* flower)

Seb.: /qan da·ga qan na·qa-y bu·wak./
(the maiden the possess-*PRT* flower)

Yln.: /su ra·ga su qadən qa sumpin./
(the maiden the possess *PRT* flower)

Ang suliranin

Ngunit may tatlong wika sa survey ni Constantino na lumilihis sa pattern na ito:

Png.: /say marikit su wala-y ru·sas tu./
(the maiden the possess-*PRT* flower her)

Itb.: /nu ka·nakan qa mavakēs qu myan su savusavun naq./
(the young *LP* woman the possess *PRT* flower her)

Tng.: /di bala·saŋ-ě ta quwad ta sabsa·bun na./
(the maiden-*DS* the possess *PRT* flower her)

Muling pagsusuri sa distribusyon ng dalawang anyo

Pagpapaksa (*topicalization*)

- Kapag may dalawang iniharap bilang paksa, dapat *say* pa rin ang gamitin kung nauuna sa panaguri bagamat hindi ito ang unang parirala sa pangungusap:

Karuman [**say**/***so**] titser linma ed Manila
kahapon ang titser pumunta sa Manila

Karuman linma [***say**/**so**] titser ed Manila
kahapon pumunta ang titser sa Manila

Pagpapaksa (*topicalization*)

- Kung walang panaguri dahil kinaltas ito (*ellipsis*), tulad sa ibaba, *say* ang dapat gamitin:

Karuman [**say**/***so**] titser, nabuas [**say**/***so**] prinsipal
kahapon ang titser, bukas ang prinsipal

Timmuktok [***say**/**so**] titser.
kumatok ang titser

A: Syupa'y timmuktok?
sino=ang kumatok

B: [**Say**/***so**] titser.
ang titser

Ang tanong

- Ano ang pinakamakawatwirang paliwanag sa distribusyong ito?
- Magsisimula tayo sa isang maikling repaso sa mga dating akdang nagtatalakay sa balarila ng wikang Pangasinan.
- Makikita nating may dalawang palagay tungkol sa *say*:
 - isa siyang uri ng nominativo/simuno (ayon sa mga naunang linggwistang Kastila)
 - isa siyang artikulo at hindi pantakda ng kaso (ayon kay Benton)

Ang mga naunang linggwista:
Lopez (1690) at Pellicer (1904)

Ang paradigma ni Lopez 1690

- Sa palagay ni Lopez (1690:125), may dalawang pantanda ng kasong *Nominativo*: 1 & 2.
 - Pansinin na ginagaya nitong paradigma ang balarila ng Latin, katulad ng lahat ng mga naunang deskripsiyong sinulat ng mga Kastila.

PANTANDA NG KASO	<i>singular</i>	<i>plural</i>
<i>Nom. 1</i>	say ulsa <i>ang usa</i>	saray ulsa <i>ang mga usa</i>
<i>Nom. 2</i>	so ulsa <i>ang usa</i>	so saray ulsa / so ulsa <i>ang mga usa</i>
<i>Gen.</i>	na ulsa <i>ng usa</i>	na saray ulsa <i>ng mga usa</i>
<i>Dat./Abl.</i>	ed ulsa <i>sa usa</i>	ed saray ulsa <i>sa mga usa</i>

Ang mga linggwista sa pangalawang kalahati ng
ika-20 dantaon: Amurrio (1970) at Benton (1971)

Amurrio 1970: ang pantakda

- “There is no true article in Pangasinan; at least there is no definite article; this is substituted by the demonstratives...Nevertheless every noun must be accompanied by a particle that is like its article. This particle sometimes translates the English article, other times it represents some preposition, like the particles used in the oblique cases.” (Amurrio 1970:12)

PANTANDA NG KASO SA PANGASINAN	<i>singular</i>	<i>plural</i>
<i>Nom.</i>	say (so; ‘y)	saray (so saray, iray, sa so)
<i>Gen.</i>	na (‘y)	na saray, day, da ‘ray
<i>Dat./Abl.</i>	ed (‘d), na (‘y)	ed saray (‘d saray), na saray

Amurrio 1970: ang pagbuo ng say

- “Say is composed of *sa* and *l*. This *l*, changed into *Y*, is a particle peculiar to the Northern Luzon languages. *Iray*, *'ray* are but the third personal pronoun with the ending *Y* taking the place of *so*.” (Amurrio 1970:12)
- Ang patunay na *say* = *sa+so* (Amurrio 1970:16): may mga pangabay na maaaring sumingit sa pagitan ng dalawang bahagi ng *say* at dito natin makikita na ang karaniwang *-y* ay lumilitaw bilang *so*:
 - *say too, balet* vs. *sa balet* *so too*
ang tao bagamat ? bagamat ang tao

Ibang palagay tungkol sa say

- Pinapanindigan ni Benton (1971) na hindi pantanda ng simuno o anumang kaso ang say kundi artikulo, tulad sa *a* o *the* ng Inggles:
 - *“Articles may mark the comment of an equational sentence [...] and may also be found preceding common nouns in other situations where the speaker wishes to give the noun or noun phrase concerned additional emphasis or stronger identification. Their use is obligatory when a common noun forms the first element of the comment of an equational sentence when the latter is also the subject of a verbal sentence, the remainder of which forms the topic of the equation. In phrases where their use is optional, articles are more often encountered in written Pangasinan or in formal speech than in casual conversation.”*
(Benton 1951:52)

so + say

- Ang ebidensya kunong tumatangkilik sa ganitong pananaw ang sabay-sabay na paglitaw ng say kasama ang mga ibang pantanda ng kaso, tulad sa so at *na*.

Say ikákana day aróm ya domarálos **so say** bómba ya say paggamit nilang iba na magsasaka ang say bomba na **manopsop na danum ed ílog.**
manipsip ng tubig sa ilog

‘What some of the farmers need [use] is a pump that will draw water from the river.’
(Benton 1971:51)

Mga sagot ng mga native speakers tungkol sa SO SAY

- Karamihan sa sumagot ay sinasabing bihira nilang marinig ang SO SAY, mas madalas ang SO lamang
- Sa palagay ng isa, ginagamit ang SO SAY kung gustong magbigay ng emphasis
- Sinasabi naman ng isa na mas naririnig niya ng NA SAY kaysa ang SO SAY
- “AY ANG” sa Tagalog ang SO SAY sa kanyang pagkakaunawa ang sabi ng isang sumagot
- Pinapalagay ng mas marami na tama ang SO lamang kaysa ang SO SAY

na + say

Maong sirin so manuser **na say** panagpatey na bigi-bigis
mabuti talaga ang gumamit ng say pamatay ng kulisap
'It's good to use insecticide.' (Benton 1971:??)

Sabi ni Benton na maaaring kaltasin ang paaring
pantakdang *na* sa itaas pero sa totoo hindi ito normal. Ang
say naman ang madalang lang gamitin sa ganitong
istruktura.

Paghahambing sa mga ibang wikang kasama sa
grupong *North Luzon*

Paghahambing sa Ibaloy

say apo diyos ni Ibadoy ket Kabigan tan Kaboniyan

say diyos ng Ibaloy ay Kabigan at Kaboniyan

'as for the gods of the Ibaloy people, they are Kabigan and Kaboniyan'

(Ruffalo 2004:154)

Paghahambing sa Ibaloy

Table 13.1: Basic Determiners

	NOM	GEN	OBL	LOC	TOP
Common	<i>i</i> = <i>y</i> /ʔi/ /=j/	<i>ni</i> /ni/	<i>so=ni</i> /so=ni/	<i>chi</i> = <i>d</i> /di/ /=d/	<i>say</i> /saj/
Personal	<i>si</i> = <i>s</i> /si/ /=s/	<i>nen</i> = <i>n</i> /nən/ /=n/	<i>so=nen</i> <i>so=n</i> /so=nən/ /so=n/	—	—

Paghahambing sa Ibaloy

Table 13.1: Basic Determiners

	NOM	GEN	OBL	LOC	TOP
Common	<i>i</i> = <i>y</i> /ʔi/ /=j/	<i>ni</i> /ni/	<i>so=ni</i> /so=ni/	<i>chi</i> = <i>d</i> /di/ /=d/	<i>say</i> /saj/
Personal	<i>si</i> = <i>s</i> /si/ /=s/	<i>nen</i> = <i>n</i> /nən/ /=n/	<i>so=nen</i> <i>so=n</i> /so=nən/ /so=n/	—	—

“The common Topic determiner *say* /saj/ is perhaps made up historically of the Topic component *sa* /sa/ plus =*y* /=j/, which was probably the encliticised form of the Nominative common determiner *i* /ʔi/. The component *sa* does not occur independently, but it does occur as part of the deictic demonstratives (§14.1), and so *say* is regarded as an indivisible unit.”

(Ruffalo 2004:156)

Paghahambing sa Ifugao

- May mga wikang Ifugao na nagmamarka ng nakaharap na argumento sa pamamagitan ng *ha* (<*sa) at mayoon din itong anyong *hay* (*ha+di*, or *ha+i*) (Newell 1993:274, Reid 2006:33).
- Ang susunod na halimbawa mula sa Kiangan Ifugao ay kahawig ng Pangasinan:

Hay babléda *ya uggék* *tiníbo*
Hay ba~blé=da ya uggé=k t<in>íbo
ang mga~bahay=nila at hindi=ko na-kita
'It was their village and I didn't see it.'

Linauhanna-y *baléda*
L<in>auh-an=[n]a=**y** balé=da
l<in>ampas-an=niya=ang bahay=nila

Paghahambing sa Ifugao

- Nakabatay sa ganitong ebidensya, ipinagpapalagay ni Reid (2006) na ang ninuno ng mga Central Cordilleran ay nagkaroon ng topic marker na may anyong *sa*
- Ngayon, maaari na nating ipagpalagay na mas matanda pa ang *sa* bilang *topic marker*, kase nahahanap din ito sa *South Cordilleran* (Pangasinan at Ibaloy).

Table 61. P-CCO case-marking prepositions

	TOP	NOM	GEN	OBL	DAT	LOC
V]	*sa	*=y	*=n	*=s	*=n / *=y	*=d
C]		∅	∅	*si	*kan / *kay	*ʔidi / *ʔudi / *di

Buod

- Sinuri namin ang isa sa mga katangian ng wikang Pangasinan na hindi nahahanap sa mga mas kilalang wika sa Pilipinas tulad sa Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Cebuano, Waray, Maranao, atbp.
- Natuklasan namin na may sari-saring pananaw tungkol sa dalawang pantakda ng simuno. Ayon sa mga naunang linggwista, dalawang mukha lang ito ng *nominative* na pinipili depende sa posisyon sa pangungusap.

Buod

- Ayon kay Benton (1971), so ang totoong nominative at article lang ang say.
- Dahil hindi namin mapatotohanan ang datos niya tungkol sa so say at *na say*, mas naniniwala kami sa pananaw ng mga naunang linggwista na TOPIC NOMINATIVE ang say at hindi artikulo tulad sa 'the' ng Inggles.

Buod

- Nakita rin namin na hindi pala bugtong na anak ang TOPIC NOMINATIVE kundi nahahanap din ito sa ilang mga ibang wika sa grupong Kordilyera.
- Hindi pa kami makapag-alok ng formal na pagsusuri pero napapalapit kami sa isang analisa kung saan dalawa ang posibleng paraan ng pagpapaksa or *topic marking*:

Pantakda ng hangganan

Boundary topic marking

[TOPIC] **ay** [CLAUSE]

Ang kangkong ay hindi inubos

Pantakda ng argumento

Argument topic marking

[**say** TOPIC] **ët** [CLAUSE]

Say kankong et ag naupot

Balëg a salamat!

Bibliography

- Amurrio, Fidel. 1970. *Pangasinan Grammar*. Bugallon, Pangasinan.
- Anderson, Victoria & Anderson, James. 2012. Pangasinan—An Endangered Language? Retrospect and Prospect. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoint*.
- Benton, Richard A. 1971. *Spoken Pangasinan*. Honolulu: University of Hawaii Press.
- Blust, Robert. 2015 The case markers of Proto-Austronesian. *Oceanic Linguistics* 54: 443-498.
- Himes, Ronald S. 1998. The Southern Cordilleran Group of Philippine Languages. *Oceanic Linguistics* 37(1). 120-177.
- Lopez, Andres. 2014 [1690]. *Arte de la lengua de Pangasinan*. Madrid: Iberoamericana.
- Pellicez, Mariano. 1904. *Arte de la lengua Pangasinan ó Cabolóan*. Manila: Tomás.
- Reid, Lawrence. 2006. On reconstructing the morphosyntax of Proto-North Luzon. *Philippine Journal of Linguistics* 37(2).